Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Apatnapung Taon



Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring
makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.



Niligtas ng Diyos ang mga Israelitas palabas ng Ehipto, kaya't namuno si Moises sa pagsamba. Gumawa siya ng isang kanta na pampuri. "Ako ay kakanta sa Panginoon sapagkat Siya ay nagtagumpay." Kinanta ni Moises ang lahat ng mga dakilang bagay na ginawa ng Panginoon para sa Israel.



HALLELUJAH
Kaluwalhatian sa Diyos!

Pagkatapos ng
tatlong araw sa ilang,
ang mga tao ay nauhaw
at nakakita sila ng butas
sa lupa na
may tubig.

Ngunit hindi sila
makainum dahil ang
tubig ay mapait ang lasa.
Sa halip na magdasal,
ang mga tao
ay dumaing.

Talagang mabait ang Panginoon. Ginawa niya ang mapait na tubig na mabuting inumin.



Tuloy ang pagdaing ng mga Israelita sa lahat ng bagay.

"Mag pagkain tayo sa Ehipto. Dito sa ilang tayo ay mamamatay ng gutom," ang kanilang iyak.

Sa gabing iyon ang Panginoon ay nagpadala ng mga ibon na mga buntog. Madaling hulihin ang mga ibong ito upang sila ay makain.

Kinaumagahan, nagpadala ang Panginoon ng mana. Ito ay uri ng tinapay na ang lasa ay parang dugos.

Tuwing umaga ang mana ay nasa lupa upang pulutin na lamang. Sa paraang ito pinakain ng Panginoon ang Israelita sa ilang.

Sila ay dapat magtiwala sa Diyos araw araw ng bagong kakainin.



Kaya't iniutos ni Moises na huwag magtitira para sa kinabukasan, at ang labis ay siya lamang mabubulok.



Kinabukasan, inuod at bumaho ang itinira nila. Ngunit sa ikanim na araw, …



… maaaring kumuha ng mana ang mga tao para sa dalawang araw, sapagkat ang ikapitong araw ay Araw ng Pamamahinga.



Ang Panginoon ang nag-alaga sa mga Israelites sa ilang.

Binigyan sila ng pagkain at tubig, at niligtas sila sa Kanilang mga kalaban.

Nang ang
Amelekites
ay lumusog,
ang Israel ay
Palaging
nanalo
sa ...

... digmaan kung
nakataas na hawak
ni Moises ang
baston ng
Panginoon.

Sinabi ng Panginoon
sa mga Israelitas, “kung kayo ay
susunod sa Aking tinig, kayo ang
magiging bayang hinirang.”

"Ang lahat ng sasabihin ng Diyos ay gawin natin," ang sabi ng mga tao kay Moises.

Pumunta sila sa tabi ng bundok ng Sinai at naghintay habang si Moises ay pumaroon upang makipagtagpo sa Panginoon.

Si Moises ay nasa bundok na kasama ng Diyos ng apatnapung araw.

Sinulat ng Diyos ang Sampung Utos sa dalawang panid ng bato.

Sinabi ng Diyos kay Moises kung paano mamuhay ang mga tao ng ayon sa Kanya.

1. "Huwag kang magkaroon ng ibang diyos sa harap ko."

2. "Huwag kang gagawa ng imahen ng anumang nilalang upang sambahin."

3. “Huwag gamitin sa walang kabuluhan ang pangalan ng Diyos.”

4. “Lagi mong tandaan at ilaan para sa akin ang Araw ng Pamamahinga.”

5. “Igalang mo ang iyong ama at iyong ina.”

6. “Huwag kang papatay.”

7. “Huwag kang mangangalunya.”

8. “Huwag kang magnanakaw.”

9. “Huwag kang magbibintang sa iyong kapwa.”

10. “Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapwa.”



Habang si Moises ay kasama ng Panginoon sa Bundok ng Sinai, ang mga Israelitas ay gumawa ng isang masamang bagay.



Inutusan nila si Aron na gumawa ng maliit ng gintong baka. Ito ay kanilang sinamba sa halip na sambahin nila ang Diyos. Nagalit ang Panginoon, at ganoon din si Moises.

Nang nakita
ni Moises ang
gintong baka,
ang sayawan sa
harap ng imahin,
tinapon niya ang
mga bato ng
Sampung Utos ng
Diyos sa lupa at
ito ay nabasag.

Galit na galit siya at sinunog niya ang gintong baka. Pinatay niya ang mga masasamang tao na sumamba nito.

Pinalitan ng Diyos ang nadurog na bato ng Sampung Utos.

Sinabi niya kay Moises na gumawa siya ng Tabernakolo – isang malaking tulda na may bakod sa paligid – kung saan ang Diyos ay maninirahan sa gitna ng kanyang bayan.



Sila ay doon magsasamba sa Diyos. Ang ulap at apoy ay patunay na ang Diyos ay kasama nila.

Habang sila ay papalapit
sa Kanaan, …

… Si Moises ay nagpadala ng labing dalawang espiya upang makita ang lupain na pinangako ng Diyos sa kanyang bayan.

Ang mga espiya ay nagkaisa sa kanilang ulat na ang lupain ay mainam.

Ngunit dalawa lamang,
sina Josue at Kaleb, …

… ang naniniwala na sila ay magtagumpay na malulupig nila ang lupain sa tulong ng Diyos.

Ang ibang sampung espiya ay natakot sa mga malalaking siyudad

at mga higante na nasa lupaing ipinangako.

“Hindi natin makuha ang lupain,” taghoy nila. Nakalimutan nila ang mga bagay

na ginawa ng Diyos upang makaiwas sa pagkaalipin sa Ehipto.

Ang mga tao ay sumunod sa mga espiyang hindi nagtiwala sa Diyos.



Umiyak sila at naghandang bumalik sa Ehipto. Sinikap nila na patayin si Moises.



Niligtas ng Panginoon ang buhay ni Moises. Sinabi Niya sa mga tao, …




... "Apatnapung taon kayo ay gumala sa ilang. Sina Kaleb, Josue, at ang inyong mga anak lamang ang makakapasok sa lupain na inyong
sinuklaman."

Apatnapung Taon

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Exodo 15 - Mga Numero 14

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16